# Deportasyon at Pagkakapiit



**IPINAGKAKALOOB NG SAN FRANCISCO IMMIGRANT LEGAL AND EDUCATION NETWORK**

**PAALALA:** Ang pulyetong ito ay naglalayon na magbigay ng pangkalahatang impormasyon. Ito ay hindi kahalili para sa indibidwal na payong ligal. Kung ikaw ay isang residente ng San Francisco na may mababang kita, ikaw ay maaring makakuha ng libreng payong ligal na ipinagkakaloob ng San Francisco Immigrant Legal at Education Network.

# KUNG IKAW AY INARESTO NG PULIS O NG IMIGRASYON ("ICE")

- Humingi ng abogado, at kung hindi man ay manatiling tahimik. Kung ikaw ay tanungin, ang kailangan mo lang ibigay at sagutin ay ang iyong pangalan at petsa ng kapanganakan. Hindi mo kailangang sagutin ang iba pang katanungan.
- Palaging ibigay ang iyong tunay at kumpletong pangalan sa mga awtoridad na tagapagpatupad ng batas.
- Tawagan ang pamilya at sabihan silang humanap ng abugado.
- Huwag pirmahan ang anumang papeles ng walang pagkonsulta sa abugado.
- Ikaw ay bibigyan ng isang A-Number (ito ay nakalista sa anumang papeles ng imigrasyon na ibinigay sa iyo) - isulat ang numerong ito at ibahagi sa iyong pamilya.
- Humingi ng pyansa.
- Isulat ang pangalan ng umaresto sa iyo (Police, ICE, FBI) at ang numero ng kanilang ID.



# PAGKAKASUNUD-SUNOD NG MGA PANGYAYARI SA PAGDAKIP NG PULIS O ICE

## Pagkakapiit sa lokal na pangangalaga ng mga kriminal

- Kung inaresto ka ng pulis ikaw ay maaaring dalhin sa lokal na kulungan. Maaaring hilingin ng ICE sa mga lokal na kulungan na dito ka muna ilagay para sa pagsundo nila sa iyo, o maaari silang humingi ng impormasyon kung kailan ka palalayain.
- Sa batas ng California pinapayagan ang lokal na kulungan, na pansamantalang ilagay ang inaresto dahil sa limitadong sirkumstansya. Kung sa tingin mo ay hindi tama ang pagkakapiit sa iyo para sa imigrasyon, tumawag sa 1-844-TRUST-01 (1-844-878-7801).
- **Hilingin na matawagan ang iyong pamilya o abugado.** Hilingin din ang presensya ng abugado sa oras ng pagtatanong.
- Huwag makipag-usap o makipagkaibigan sa mga guwardiya. **Ano man ang iyong sabihin ay maaaring gamitin laban sa iyo.**

## Pagproseso ng ICE

- Kung ikaw ay nasa pangangalaga ng ICE, ikaw ay dadalhin sa Immigration Holding Center sa 630 Sansome St. sa San Francisco, California.
- Ang unang desisyon na kailangan mong gawin ay kung tatanggapin mo ang iyong deportasyon: Ang MAHIGPIT na rekomendasyon ay huwag itong tanggapin hanggang sa makakausap ka ng abugado, or makita ang hukom ng imigrasyon. **Kung sasang-ayon ka sa iyong deportasyon, isinusuko mo na rin ang mga posibilidad na magkaroon ng relief sa susunod na panahon o kung may pagkakataon.**
- Ang ahente ng ICE ay maghahanda ng imigrasyong pagsasakdal laban sa iyo, maaari ding magbigay ng hukumang petsa kung ito ay posible, at alamin kung ikaw ay maaring magpyansa.
- Kung ikaw ay may nauna ng utos ng deportasyon, ikaw ay hindi na maaring magpyansa, ngunit dapat mo pa ring igiit ang iyong karapatan na makakausap ng abugado. Kung ikaw ay natatakot sa pagbalik sa iyong sariling bansa, ipaalam ito sa opisyales ng imigrasyon dahil maaring ito lang ang pagkakataon upang ikaw ay manatili at maipaglaban ang iyong kaso.

## Pampyansang imigrasyon

- **Humiling na mapalaya sa pamamagitan ng piyansa!** Kung tumanggi ang ICE na magtakda ng piyansa, humiling ng pampyansang pagdinig sa hukom ng imigrasyon.

## Pagsubaybay sa pamamagitan ng elektronik

- Minsan, pinapalaya ng ICE ang isang detainee suot ang isang electronic anklet bracelet.
- May karapatan kang tutulan ang mga kondisyon ng pangangalaga at sa iyong electronic ankle bracelet, ngunit KAILANGAN MONG MAGSAMPA NA IYONG PAGTUTOL SA KORTE NG IMIGRASYON **SA LOOB NG 7 ARAW** NG IYONG PAGLAYA.

## Paglipat sa piitan ng imigrasyon

- Kung ikaw ay hindi nabigyan ng pyansa, ikaw ay ililipat ng piitan sa ibang pasilidad sa labas ng San Francisco, at maaring magpakita sa pamamagitan ng "live video" sa mga susunod na pagdinig.
- Ang iyong pamilya ay maaaring makipag-ugnayan sa ICE para alamin kung saan ka nakapiit at subukang bisitahin ka sa pasilidad na ito.

## Makaiwas sa paglipat sa labas ng estado

- Ang ICE ay may karapatan na ilipat ang nakapiit sa labas ng estado.
- Upang maiwasan ang paglipat sa labas ng estado, makipag-ugnayan sa isang abugado upang gumawa ng pormal na kahilingan sa korte ng imigrasyon para sa isang pampyansang pagdinig sa San Francisco.
- Kahit pa ikaw ay nailipat na sa labas ng estado, may pagkakataon ka pa ring humingi ng isang pampyansang pagdinig sa hukom ng imigrasyon.

## Pangangalaga sa kalusugan pangkaisipan

- Kung ikaw ay mayroong problema sa kalusugan pangkaisipan, siguraduhin na ipagbigay alam sa ICE at sa hukom ng imigrasyon - maaari kang magkaroon ng karapatan sa libreng abogado at iba pang mga proteksyon.

## Pampyansang pagdinig

- **Kung ikaw ay hindi agad inilabas mula sa pangangalaga, magkakaroon ka ng isang pampyansang pagdinig sa korte ng imigrasyon.** Ang mga kaibigan, pamilya at mga taga-suporta ay maaaring dumalo sa mga pampyansang pagdinig. Sila ay maaaring magdala ng mga katibayan upang makatulong sa iyo. Kung ikaw ay ipiniit sa California at sa simula ay hindi nakapagpyansa dahil sa ilang mga kriminal na paghatol, ikaw ay may karapatan sa isang pampyansang pagdinig matapos na ikaw ay nasa pangangalaga ng imigrasyon sa loob ng 6 na buwan.

## Patnugutang kalendaryo

- Kapag lumaya sa pamamagitan ng pagpyansa, ikaw ay makakakuha ng araw ng pagdinig sa korte para sa iyong paglilitis. Dumalo sa araw ng paglilitis at mangalap ng mga katibayan upang suportahan ang iyong kaso bago ang paglilitis. Kumausap ng abugado!



# ANO ANG MAAARING MAGAWA NG MGA PAMILYA AT KAIBIGAN?

- Agad na makipag-ugnayan sa abugado ng imigrasyon.
- Tawagan ang ICE (415-844-5512) upang malaman kung saan ito ipiniit. Kunin ang kanilang buong pangalan, petsa ng kapanganakan, A-number at ang lugar kung saan ito inaresto, kung sakaling alam. Maaari ding tingnan online, kung meron kang detalye ng kanilang pangalan, A-number, at lugar ng kapanganakan sa pamamagitan ng ICE Online Detainee Locator: **https://locator.ice.gov/odls/homePage.do.**
  Sinumang may legal na katayuan ay maaaring bumisita sa taong nakapiit at sa mismong araw ng pagkakadakip, sa 630 Sansome Street, San Francisco mula 9 a.m. hanggang 3 p.m. Matapos ay maaari mo ng bisitahin ang pasilidad kung saan sila ay nakapiit.
- Panatilihing naka un-block ang linya ng telepono upang makatanggap ng mga tawag mula sa piitan, kung sakaling ikaw ay nais nilang tawagan.
- **Agad na mangulekta ng sulat ng pangsuporta mula sa mga grupo ng komunidad, mga sentro ng relihiyon o simbahan, paaralan, pamilya, kaibigan o amo**; pati na rin ang katibayan sa mga ari-arian (kotse, bahay) o pagpapatala sa mga programa sa paaralan o trabaho. Kung ang tao ay maaring magpyansa ito ay makakatulong sa pagpapatunay na hindi sila maaalis sa kanilang lugar.
- Magbayad ng pyansa sa lalong madaling panahon.

# IMPORMASYON TUNGKOL SA PYANSA

### *Ang bawat nakapiit ba ay maaring magpyansa at mapalaya sa piitan?*

Hindi. Karamihan sa mga tao ay maaring magpyansa. Gayunman, ang mga taong may malubhang kriminal na paghatol o di-umano'y banta sa seguridad ay isasailalim sa sapilitang pagpiit. Sa mga indibidwal na bumalik ng iligal matapos mapauwi o dahil sa deportasyon dati ay maaaring hindi na makapagpyansa. Ang mga tao na nasa pangangalaga ng imigrasyon sa loob ng anim na buwan o higit pa ay maaaring humiling ng pyansa, kahit na sila ay nasa talaan ng kriminal o may malubhang naunang paglabag sa imigrasyon. Ang ilang mga indibidwal ay maaaring sumailalim sa mas mabilis na pagpapaalis/pagpapauwi at agad na mapabalik sa kaniyang bansa ng walang pagdinig o pyansa.

### *Paano ko malalaman kung ang isang pyansa ay naitakda na para sa isang taong nakapiit?*

Tawagan ang DHS Detention and Deportation sa numero na 415-844-5651. Ibigay sa Pinuno ng Piitan ang pangalan ng tao at impormasyon kung kailan sila naaresto. Alamin kung saan ito nakapiit. Hingin ang A-Number ng taong nakapiit at kung may naitakda ng pyansa. Kailangan mong ipakilala ang iyong sarili at kung ano ang iyong relasyon sa indibidwal na nakapiit.

### *Ano ang maaaring gawin ng taong nakapiit kung ang Direktor ng Distrito ay tumangging magtakda ng isang pyansa o kung ang halaga ng pyansa ay masyadong mataas?*

Sabihin sa mga opisyal ng DHS na nais mong hilinging muling suriin ang iyong kaso ng isang hukom ng imigrasyon. May mga ilang kaso na ang hukom ng imigrasyon ay may kapangyarihan na magtakda ng isang pyansa o palayain ang taong nakapiit ayon sa kanilang sariling mga katangian o kalagayan.

### *Paano magtalaga ng pampyansang imigrasyon?*

Para sa pagtalaga ng pyansa:

- Kailangan ikaw ay mamamayan o residente ng US, na mayroong kaukulang larawan ng pagkakakilanlan at ligal na kalagayan sa bansa. Responsibilidad mo na siguraduhin na ang taong piniyansahan ay haharap sa opisyal ng deportasyon kung kinakailangan.
- Ang Department of Homeland Security ay maaring magsagawa ng malalim na pagsusuri tungkol sa indibidwal na magtatalaga ng pyansa. Kung ikaw naman ay isang permanenteng residente na may kasaysayang kriminal, makipagusap muna sa abugado bago magtalaga ng pyansa.
- Kumuha ng **cashier's check o money order at ilagay ang US Department of Homeland Security**, dalhin sa 630 Sansome Street, ika-5 palapag sa pagitan ng 8:00 a.m. at 3:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes. **Ang cash at mga tseke mula sa personal o pangnegosyo ay HINDI tinatanggap na pampyansa.**
- Kakailanganin mo ang pangalan, petsa ng kapanganakan, tirahan, bansa kung saan ipinanganak at ang A-number ng taong nakapiit, upang makapagtalaga ng pyansa. At kinakailangan din na maitalaga ang pyansa sa pagitan ng 9am hanggang 3pm. (Mas maaga mas mahusay.)
- Tiyakin na maitago ang resibo ng binayaran.

Maaari ka ring kumontak sa pampyansang kumpanya na nagbibigay ng pyansa upang makakuha ng isang garantiyang pyansa. Ang kumpanya ay sisingil ng halos $1000 upang mapunan ang $5000 na pyansa para sa nakapiit na indibidwal. **Ang perang ito ay hindi na maibabalik sa iyo**. Ikaw ay maaaring mapilitang pumirma sa kasulatang gamit ang iyong ari-arian para tiyaking makakuha ng pyansa, sa ganitong klaseng pagpapautang.

Kapag ang kaso ng imigrasyon ay nakumpleto na, ang buong halaga ng pyansa ay ibabalik sa nagbayad. Kung ang piniyansahan ay hindi sumunod sa desisyon ng korte ng imigrasyon, o may pagtatangkang tumakas, ang pyansa ay tatapusin na at ang pera ay HINDI na maibabalik.

### *Anong mangyayari kapag naitalaga na ang pyansa?*

Ang nakapiit ay mapapalaya at kinakailangang magpakita sa hukuman ng imigrasyon batay sa itinakdang araw ng mga pagdinig ng deportasyon o pagpapaalis/pagpapauwi. Kung ang taong nakapiit ay nasa malayo, kakailanganin mong magpadala ng tiket para sa bus o eroplano na may kalakip na pera upang siya'y makabalik sa Bay Area.

# MGA NUMERO NG TELEPONO AT LUGAR NG KINAROROONAN

## DHS Detention and Removal Field Office San Francisco

1-415-844-5512

**DHS Detention Information**
1-415-844-5651
630 Sansome Street, Room 590
San Francisco, CA 94111

## Immigration Court Hotline

1-800-898-7180

- Tawagan ang numerong ito upang malaman kung meron ng nakatakdang petsa para sa pagdinig sa Hukom ng Imigrasyon.
- Kakailanganin mo ang alien registration number ng tao, “A Number.”

## San Francisco Immigration Courts

**Non-detained Cases**
1-415-705-4415
100 Montgomery Street, Suite 800
San Francisco, CA 94104

**Detained Cases**
1-415-705-1033
630 Sansome Street
San Francisco, CA 94111

## ICE Online Detainee Locator

https://locator.ice.gov/odls/homePage.do

SFILEN

**San Francisco Immigrant Legal & Education Network**
938 Valencia Street
San Francisco, CA 94110
P: 415.282.6209 x115
F: 415.282.2826
**sfimmigrantnetwork.org**